

Pagsipat sa mga pamahiing pinoy: Gabay sa pagkuha ng pagsusulit

Portillo, Garry ✉

Leyte Normal University, Philippines (portillogarry.lnu@gmail.com)

Received: 20 February 2022

Available Online: 15 April 2022

Revised: 25 March 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.820

Accepted: 7 April 2022



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

This study attempts to examine and discover the various Filipino superstitions that are considered as a ritual or have been followed in taking the Licensure Examination for Teachers. The study used phenomenological research design to describe and evaluate the experiences of the teachers who took the test. The participants of the study were ten teachers who believed in superstitions in taking the test, and were selected using purposive sampling. This study found that following superstitions is effective and it is one of the factors that is associated in passing the test. The results of this study indicated that superstition is of great value to those planning to take the exam because it is not only a guide to pass the exams but is also a form of appreciation of Filipino culture. Thus, this study recommends the practice of following superstitions in taking board exams but everyone should not expect and rely on following the superstitions alone for the purpose of passing the test. Preparing and having enough readiness as well as doing thorough review of lessons is also recommended.

Keywords: Filipino culture, exam, experience, appreciation, superstition

Pagsipat sa mga pamahiing pinoy: Gabay sa pagkuha ng pagsusulit

1. Introduksiyon

Ang mga pamahiin ay masasabing bahagi na ng kulturang Pilipino na isa sa mga identidad sa ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Ang mga nakagisnang pamahiin na ito ay gumagabay sa ating mga gawain, kaugalian, tradisyon at kasanayan na maaaring maglarawan ng ating pang-araw-araw na pamumuhay na atin namang namana mula sa ating mga ninuno na ipinasa o ipinamana sa atin ng nagdaang lahi.

Ang pamahiin ay maaaring makaapekto sa persepsyon ng isang indibidwal. Sa pagtalakay ni Clark (2018) sa pahayag ni B.F Skinner (isang kilalang *behaviorist*), sinabi niya na sa tuwing may gagawin ang isang indibidwal, inaasahan na nitong may mangyayari, mabuti man o masama at kapag nagkataong walang nangyaring hindi maganda, ipinagpapatuloy niyang gawin ang aksyon sa kadahilanang wala namang masamang dinudulot ang aksyong ginawa. Sa kabilang banda naman kapag mayroong nangyaring masama ay agad na ititigil ang ginawang aksyon. Isang pagpapatotoo dito ay ang mga pamahiin ng iba't ibang indibidwal sa pagpasa ng *board examination* na kung saan ay may kanya-kanyang sinusunod na mga gawing walang sapat na paliwanag kung bakit ito patuloy na sinusunod. Dahil sa wala namang nangyayaring masama ay patuloy parin sa pagsunod sa kanilang mga pamahiin ang mga taong kumukuha ng *board examination*.

Sa pag-aaral ni Siojo (2015), binanggit na ang iba't ibang paniniwala sa mga kasabihan at pamahiin ay bahagi na ng ating kulturang Pilipino at ito ay naiimpluwensyahan ng mga nagaganap sa ating paligid. Samakatuwid dahil sa patuloy na pagbabago ng panahon at ng kapaligiran ay nagbabago din ang mga pamahiin ng mga tao. Ang mga pamahiin ay bahagi ng kultura kaya tiyak din itong magbabago kasabay ng mga pagbabagong nagaganap sa ating kultura. Halimbawa na lamang ang mga pamahiing pinaniniwalaan ng ating mga ninuno, mapapansin na nakapaloob lamang ang mga pamahiing iyon sa pang-araw-araw nilang pamumuhay subalit dahil sa pagbabagong nagaganap sa ating paligid lalo na sa pag-unlad ng tao ay nabago at nadagdagan din ang mga pamahiing pinaniniwalaan natin katulad ng mga pamahiin pagpasa sa mga *board examination*.

Ang mga pamahiin ay mga paniniwalang hindi naaayon sa kilalang mga batas ng kalikasan o kung ano ang karaniwang isinasalang-alang makatwiran sa isang lipunan (American Heritage Dictionary 1985). Ang mga pamahiin ay maaaring uriin ayon sa kinamulang kultura o personal, at hinihikayat na magdala ng suwerte o iwasan ang malas. Halimbawa, ang mga kultural na pamahiin ay malamang na ang epekto ng pag-uugali ng mamimili ay kinabibilangan ng numero 8 na nagdadala swerte at ang numero 4 na nagdadala ng malas sa Chinese kultura o paniniwala, samantalang ang bilang 7 at 13 ay nauugnay sa swerte at malas, ayon sa pagnanalig ng Estados Unidos at iba pa mga kulturang Kanluranin. Mga halimbawa ng personal na pamahiin o kasama sa mga ritwal na nauugnay sa mga mamimili ang pagbili ng mga mamimili at pagsusuot ng mga paswerteng palamuti tulad ng mga pulseras, palawit, panulat, o himelo. Kasama rin sa mga ritwal sa pagkonsumo ang paggamit ng partikular na produkto bago ang isang mahalagang kaganapan na nauugnay alinman sa mataas na posibilidad ng pagkabigo o isang mataas na antas ng kawalan ng katiyakan (Case et al. 2004).

Binanggit sa pag-aaral nina Kramer at Block (2008) na maraming mga pamahiin ang kultural na ibinabahagi at naililipat sa lipunan mula sa henerasyon hanggang sa henerasyon, ang iba ay binubuo ng medyo mas kakaibang paniniwala o ritwal. Halimbawa, madalas na makikita ang mga mag-aaral na nagdadala ng mga lucky charm o masuwerteng panulat sa isang pagsusulit; maaaring hindi magpalit ng medyas ang isang atleta sa panahon ng paligsahan; at ang isang aplikante sa trabaho ay maaaring magsuot ng isang mapalad damit para sa isang pakikipanayam sa trabaho. Ang bawat isa sa mga pamahiin na ito at ang mga pag-uugali ay nauugnay sa nais na mga positibong resulta; ibig sabihin, inaasahan ng mga tao na magaling sila sa susunod na gawain.

Lahat halos ng aspekto ng pamumuhay ng mga Pilipino ay mayroong sinusunod na pamahiin, mula sa

pagsilang hanggang sa pagkamatay ay bahagi na ng mga tao ang paniniwala sa iba't ibang pamahiin kung kaya naman kahit sa mga bagay na may kinalaman sa pansariling pag-unlad ng tao at sa pagtataya sa kakayahan ay nasusunod parin ang mga ganitong paniniwala. Isa na rito ang pagpasa sa mga *board examination* na nangangailangan ng lubos na kaalaman at kasanayan ay nahahaluan din ng mga pamahiin.

Nakagisnan na ng mga Pilipino ang maniwala sa mga pamahiin kahit na hindi ito nabigyang paliwanag ng mga nagdaang henerasyon at patuloy parin itong ginagamit na batayan sa pamumuhay ng marami. Ito ay dahil sa bahagi na ng buhay ng mga Pilipino ang pagsunod sa mga pamahiin at kahit mga simpleng bagay ay binibigyang ng pamahiin kung kaya ay asahan pa na mas marami pang mga pamahiin ngayon ang mapapalitan ng mga bagong pamahiin sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng tao habang patuloy na nagbabago at umuunlad ang paligid ng tao. Binibigyang-linaw na ang pamahiin ay isa lamang paraan ng mga tao noon upang bigyang paliwanag ang mga bagay bagay sa kanilang paligid ng walang batayan sapagkat noon ay wala pang sapat na kaalaman ang mga tao sa lipunan sa mga bagay na may kinalaman sa agham. Kaya naman ang mga pamahiin ay taliwas sa mga pagpapaliwanag ng agham (Gonda at Malacapo, 2012).

Ang mga bagay-bagay na ginagawa ng tao ay batay sa kung ano ang mapapala nila sa katapusan. Ang mga bagay na maaring magdulot ng negatibong resulta ay iniwasan samantalang ang mga gawaing nagdudulot ng positibo ay patuloy na sinusunod. Ayon kay Lopez et al. (2015), nabubuo ng isang indibidwal ang kaniyang paniniwala sa isang bagay sa pamamagitan kung papaano nila unawain ang kanilang mga namasdan at naranasan sa pagitan ng kanilang mga ginawa at mga pangyayari sa kanilang kapaligiran. Dagdag pa ni Dr. Florentino Hornedo, dalubhasa sa kasaysayan, literatura at pilosopiya at may akda ng mga libro ukol sa kultura gaya ng *Culture and the Community in the Philippine Fiesta and Other Celebrations*, isa lamang ang pamahiin sa mga paraan upang maipaliwanag ng tao ang mga bagay na nakapaligid sa kanya.

Kahit na ang mga pamahiin ay matatagpuan sa buong mundo, ang mga pamahiin ay kadalasang partikular sa kultura. Halimbawa, madalas na hinahangad ng mga indibidwal na Tsino na ilihis ang malas sa pamamagitan ng paglalagay ng mga salamin sa kanilang mga tahanan (Simmons at Schindler 2003). Kaya nilalayon ng pag-aaral na ito na alamin ang halaga at dulot ng pamahiin sa mga nagnanais kumuha ng pagsusulit para maging ganap na guro. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga pamahiin sa pagkuha ng *Licensure Examination for Teachers* partikular sa mga: sinusunod na pamahin; dahilan o batayan sa pagsunod sa pamahiin; at pagpapahalagang kultural.

2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral at gumamit ng penomenolohikal na disenyo sa paglalarawan at pagsusuri sa karanasan ng mga gurong kumuha ng pagsusulit. Binigyan ng mataas na halaga ang kwalipikasyon sa pagpili ng kalahok. Nagbigay ang mananaliksik ng mga tanong bilang bahagi ng *assessment* sa pagpili ng mga impormanteng tiyak na sumusunod sa mga pamahiin sa pagpasa ng *Licensure Examination for Teachers*.

Binubuo ng sampung guro na nananalig sa pamahiin sa pagkuha ng pagsusulit ang kinapanayam gamit ang *purposive sampling*. Nakabalangkas na panayam o *Semi-Structured Interview* sa pamamagitan ng google meet o virtual na panayam ang instrumentong ginamit upang matiyak ang mga impormasyong manggagaling sa mga impormante. Ginamit ang tematikong analisis sa pag-aaral bilang paraan ng tritment sa mga datos na natukoy. Ang bawat magkakaugnay na sagot, kaisipan, at konteksto ay pinagsama-sama upang palitawin ang mga pamahiing tinatangkilik at kadalasang ginagamit.

Ang pag-aaral na ito ay sumunod sa kabuuang pagsasagawa at binigyang halaga ang buong proseso sa isinasaad na pamantayang etika ng pananaliksik mula sa paglilikom ng mga datos, pag-analisa, pagbibigay lagom at kongklusyon. Bagama't walang nakitang panganib sa pag-aaral na ito sapagkat ang mga naging tagatugon ay mga propesyunal na guro na nasa tamang gulang, nanatili pa ring ang pagbigay halaga sa pamantayang etika ng pananaliksik.

3. Mga Resulta at Diskusyon

Makikita sa bahaging ito ang presentasyon at pagpapakahulugan sa mga nakalap na datos at impormasyon kaugnay sa isinagawang pananaliksik. Ang pamahiin o superstitious belief ay mga paniniwalang hindi naipapaliwanag ng agham. Ang pananatili nito sa ating lipunan ay bunga ng patuloy na pagsunod at paniniwala ng mga tao. Samakatuwid hangga't may naniniwala sa mga pamahiin, patuloy itong tatangkilikin ng mga tao kahit na wala namang sapat na paliwanag kung bakit ito sinusunod. Sa ginawang panayam nakita sa pag-aaral na ito na ang bawat guro ay may mga pamahiin na sinusunod sa pagkuha ng Licensure Examination for Teachers. Sa bawat pamahiin ay kakakitaan ng dahilan o batayan sa pagsunod at masusuri ang pagpapahalagang kultural ayon sa inilad na pamahiin.

Talahanayan 1

Mga pamahiin sinunod sa pagkuha ng pagsusulit

Mga Sinusunod na Pamahiin	Dahilan/batayan sa pagsunod	Pagpapahalagang Kultural
Pagpunta sa mga sinasabing mapaghimalang Simbahan Pag-aalay ng mataitim na dasal araw-araw (9 days' novena) 9 Wednesdays novena every 2pm Paghahandog ng misa Nagpadasal/ Pagpadasal sa ibang tao	Ang simbahan ng Sulangan na matatagpuan sa Guiuan, Eastern Samar ay tanyag bilang isang banal na sambahan o "panaaran ng mga Waray". Sinasabi na kapag ikaw ay magsamba sa Sulangan at magdasal, magnilay-nilay at humiling ng pabor at mangako sa Kanya, katumbas nito ang katuparan ng iyong kahilingan.	Pananalig sa Diyos na makapangyarihan sa lahat. Pananalig sa relihiyong kinabibilangan Pananalig sa gabay at itinuro ng pamilya
Paghagis/ paghulog ng mga barya sa wishing well.	Kapag naghulog ng barya wishing well at sinamahan mo ng mataitim na dasal o kahilingan ay magkakatotoo ang iyong kahilingan.	Pananalig sa mga tradisyon na kinamulatan o kinagisnan
Pagbendisyon ng gamit na gagamitin sa araw ng pagsusulit pencil/sharpener, eraser, ballpen, calculator, plastic/ brown envelops	Ang pagpapabendisyon ng gagamiting lapis o kagamitan ay paghingi ng basbas o patnubay mula sa Panginoon ay nakadaragdag ng kompyansa o tiwala.	Pananalig sa relihiyong kinamulatan, sa mga itinuro at nakagisnan
Pagsindi ng pulang kandila, pagsuot ng isang bagay o mga bagay nanagtataglay ng kulay pula	Ang mga bagay na kulay pula ay palatandaan ng lucky o swerte.	Pananalig sa swerte na itinuro at ibinahagi ng ating mga ninuno at mga dayuhan
Iwasan ang pagpagupit ng buhok kung malapit na ang pagsusulit	Sinasabing ang buhok sa ulo ay konektado sa ating utak at kung puputulin ay makakalimutan daw ang mga pinag-aralan.	Pananalig sa tradisyon na kinamulatan o kinagisnan
Ipatasa ang bagong lapis na gagamitin sa taong matagumpay na naipasa ang pagsusulit. Humiram ng lapis/bagay na ginamit ng taong nakapasa na sa Licensure Examination for Teachers.	Pinaniniwalaan na maililipat ang tagumpay na nakamtan o ang swerte kung ipapatasa o hihiram ng lapis na gagamitin sa lisensyadong guro.	Pananalig sa kabutihang loob Ang pagkakataong makisuyo sa iba at subuking humingi ng dasal, patnubay at pagbibigay suporta nang hindi umaasa ng kapalit.
Pagsulat sa bahagi ng katawan ng bersikulong galing sa bibliya	Ang pagsusulat ng bible verse sa paa ay ginagawa upang mapatnubayan	Pananalig sa salita ng Diyos na makapangyarihan sa lahat.
Maglagay ng barya sa loob ng sapatos	Ang paglalagay ng barya sa loob ng sapatos ay pinaniniwalaang nakakatanggal ng kaba.	Pananalig sa Katatagan ng loob. Sa mga pagsubok, bahagi ang takot at kaba sa magiging kahihnatnan kaya kailangan ang tatag ng loob
Bago pumasok sa silid na pagdadaosan ng pagsusulit dapat ang kanang paa ang unang itapak at kaliwa naman kung paalis na	Ang kanan sa ingles ay "right". Kapag sinunod mo ito magiging tama ang mga kasagutan mo at kaliwang paa naman kung paalis ka na sa silid na pinagdadaosan ng pagsusulit, dahil ang kaliwa sa ingles ay "left" na ibig sabihin ay iwan lahat ng pangamba.	Pananalig sa tradisyon sa pagtahak sa tamang direksyon
Putulin ang ginamit na lapis pagkatapos ng pagsusulit	Pag hindi mo pinutol ang lapis maaaring gamitin mo ito muli, ibig sabihin hindi ka papasa sa unang pagsusulit	Pananalig sa mga tradisyon na kinamulatan o kinagisnan

Pagsipat sa mga pamahiing pinoy: Gabay sa pagkuha ng pagsusulit

Huwag nang dalhin ang mga kagamitang ginamit sa pagsagot sa pagsusulit	Ibig sabihin nito ay hindi mo na ito gagamiting pang muli dahil papasa ka.	Pananalig sa mga tradisyon
Pagtadyak ng upuan pagkatapos ng pagsusulit	Ang pagtadyak sa upuan ay simbolo ng ayaw ng ulitin ang pagsusulit	Pananalig sa mga tradisyon
Hindi na dapat lumining pagkatapos lumabas sa silid na pinagdausan ng pagsusulit	Ang hindi paglingon ay nangangahulugang hindi ka na uulit sa pagkuha ng pagsusulit at hindi ka na babalik pa.	Pananalig sa positibong tugon

Ang mga pamahiin na makikita sa unang hanay ay ang madalas at patuloy na sinunod ng mga kumuha ng pagsusulit sa magiging guro na masasabi nating bahagi na ng kulturang Pilipino na isa sa mga salik sa ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino na sumunod sa mga ipinamanang pamahiin mula sa ating mga ninuno o mula sa ibang lahi na patuloy nating isinasabuhay. Ang mga paniniwalang ito ay nagpapakita ng ating gawain, kaugalian, tradisyon at kasanayan na maaaring maglarawan ng ating pang araw- araw na pamumuhay na atin namang namana mula sa ating mga ninuno. Isa lamang sa maraming bagay na ipinasa sa atin ng nagdaang lahi ang pamahiin.

Mababatid natin sa mga nabanggit na pamahiin sa unang hanay karamihan ay patungkol sa paghingi ng tulong sa Poong Maykapal, pag-aalay ng dasal at ang paghingi ng basbas, patnubay at gabay sa pagsusulit na tatahakin. Makikita rin sa mga pamahiin na may kailangan gawin para swertehin at mailayo o maalis sa malas. Ang pamahiin ay sinasabing walang basehang paniniwala hinggil sa mga bagay-bagay na wala namang relasyon sa isa't isa. Sa katunayan ang mga pamahiin ay bihirang naipaliliwanag ng mga taong sumusunod dito at madalas na tugon ng mga taong sumusunod nito ay dahil wala namang mangyayaring masama kung susundin kaya magpahanggang sa kasalukuyan ay patuloy paring sinusunod at pinaniniwalaan ng maraming Filipino. Ito rin ay isa sa mga nagsisilbing haligi ng kultura ng mga Pilipino kaya magpahanggang ngayon ay tinatangkilik pa rin ng mga tao.

Natuklasan sa pag-aaral ni (Torgler, 2007) na ang mga taong tinutukoy ang sarili bilang relihiyoso ay higit na mas nananalig o nagtitiwala sa mga pamahiin. Ang pagiging relihiyoso ay makikita bilang isang espirituwal na paniniwala, na hindi konektado sa isang partikular na simbahan o organisasyong panrelihiyon. Isang positibong ugnayan sa pagitan ng pagiging relihiyoso at paranormal na paniniwala at ang analytical significance ay nauunawaan dahil ang parehong mga sistema ng paniniwala ay lumalabag sa mga kilalang batas ng mga agham. Samakatuwid, ang pamahiin ay hindi kapalit ng relihiyosong paniniwala. Ang pagiging relihiyoso ay maaaring sumasalamain sa espirituwalidad na konektado sa pag-asa sa mga super-natural na puwersa. Sa makabago at mabilis na takbo ng panahon at patuloy na pag-ikot ng mundo, maraming bahagi ng ating kultura ang patuloy pa rin na isinasabuhay ang ilang pamahiin kahit ilan ay naglaho na. Kasama na rin sa pagbabagong ito ang paniniwala at pagtanggap ng mga Pilipino sa mga pamahiin.

Ayon sa mga naging kalahok ng pag-aaral, nakahanda silang sumunod sa pamahiin dahil malaki ang tulong nito maliban sa pagiging handa at pagkakaroon ng sapat na pag-aaral malaking gabay nito upang tiyak makamantan ang tagumpay kabalikat ang maniwala at magtiwala sa pamahiin dahil wala naman masama kung ito ay isasabuhay. Makikita sa ikalawang hanay ang mga dahilan o batayan kung bakit dapat sundin o gawin ang mga nabanggit na pamahiin o ritwal. Mababatid na binigyan ng katumbas na pagpapakahulgan sa mga pamahiin na naging bukambibig na naipamana at nailipat at sinunod ng ilang panahon. Ang mga ito ay mga naging karanasan ng karamihang guro na matagumbay na naipasa ang pagsusulit dahil sa pagsunod sa pamahiin bilang swerte. Iba-iba man ang interpretasyon ng mga sumusunod nito ang mahalaga ay ang maisabuhay ang mga ito na maisakilos upang ganap na maisakatuparan ang inaasam-asam.

Sa ikatlong hanay makikita ang kahalagang kultural kung saan nangingibabaw ang pananalig sa Diyos. Ipinakita na ang pagtanggap at pagsunod sa pamahiin ay lubos na naiimpluwensyahan ng pamilya, pananampalataya sa Diyos, relihiyong kinabibilangan. Ang mga ito ay may malaking naiaambag sa paghubog ng paniniwala at gawi ng isang indibidwal. Ang pagtanggap sa pamahiin ay hindi nangangahulugang ito ay may kalakip na pagsunod gayon din naman ang hindi pagtanggap sa pamahiin sapagkat ang pagsunod sa pamahiin ay

naiuugnay lamang sa naibibigay nitong kahahantungan, mabuti man ito o masama.

Kaugnay pa rito, natuklasan sa pag-aaral ni Torres et al. (2008), na binanggit ni Panopio, ang ating kultura ay isa sa pinakamagandang kultura sa bansa, mayroon man tayong mga kultura na hindi natin ginagawa o nakakalimutan. Ang pagkakaiba-iba ng pamahiin na ating pinaniniwalaan ay dapat pa ring pahalagahan. Ito ay dahil sa mga impluwensyang pumapalibot sa ating lipunan. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga usong gawi ng nakararami, minsan nating nasubukan ang pagiging moderno kung saan mapanatili ito at kalimutan ang ugali ng pagsilang. Hindi rin natin maiiwasan dahil ito ang daloy ng makabagong henerasyon na ating ginagalawan ngayon.

Sa makabagong panahon, lahat ng bagay ay nabibigayang paliwanag ng siyensa. Ang alin mang bagay na hindi naipapalawinag gamit ang mga siyentipikong pagpapaliwanag, katulad na lamang ng pamahiin ay itinuturing na walang batayan. Ang paniniwala sa pamahiin ng mga kalahok ay kaalinsabay ng panlipunang pagbabago. Nakaayon sa pag-usbong ng mga teknolohiya at pag-unlad ng mga pag-aaral ang pagtanggap at paniniwala ng mga kalahok sa isang bagay tulad ng pamahiin. Sapagkat sinasabing walang batayan ang mga pamahiin kung kaya ang mga ito ay hindi na pinaniniwalaan. Ang mga Pilipino sa makabagong panahon ay may mapanuring isip na dahil na rin sa mga pagaaral at edukasyong tinatamasa. Ang mapanuring pag iisip na ito ay ginagamit sa pagtimbang ng mga bagay na pahahalagahan at paniniwalaan.

4. Konklusyon at rekomendasyon

Natuklasang sa pag-aaral na ito na mayaman ang Pilipinas sa mga pamahiin sa pagkuha ng licensure Examination for Teachers. Binigyang halaga na mabisa ang pagsunod sa mga pamahiin at ito ay patuloy pa ring nabubuhay at nananatili sa ating lipunan sa kabila ng makabagong panahon. Masasabing isa ito sa naging sangkap at salik upang mapagtagumpayan ang pagsusulit. Ipinahiwatig sa kinalabasan ng pag-aaral na ito na malaki ang halaga ng pamahiin sa mga nagbababalak kumuha ng pagsusulit sapagkat hindi lamang ito gabay o nagsisilbing batayan upang makapasa sa mga pagsusulit kundi isang ritwal o tradisyon at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Ang mga kalahok ay may kanikanilang pagpapakahulugan at pananaw hinggil sa usaping pamahiin. Natuklasan sa pagaaral na mayroong sumusunod sa pamahiin sa kabila ng kawalan nito ng sapat paliwanag kung bakit ito dapat sundin. Masisilayan ang mga pagpapahalagang kultural hinggil sa pananalig sa Diyos, malalim na pananampalataya, katatagan ng loob, swerte, tradisyong o mga ritwal na kinamulatan at kinagisnan.

Ayon sa mga natuklasan at konklusyon, inirerekomenda sa pag-aaral na ito na maaaring sundin o isabuhay ang mga nakagisnang pamahiin dahil wala namang mawawala at hindi masama kung gagawin at susundin ang mga ito. Ang mga pamahiin ay magsisilbing gabay sa pagkuha ng pagsusulit subalit dapat mabatid ng bawat isa na hindi dapat umasa at iasa ang lahat sa pagsunod sa mga pamahiin bagkus mas mainam pa rin at panatag sa kalooban ang pagkakaroon ng sapat na kahandaan at masinsinang pagbabalik-aral ang dapat igugol upang higit na matiyak ang pagpasa sa pagsusulit. Itaguyod ang mga pagpapahalagang kultural sa pagkakakilanlan sa kultura ng mga tao, kanilang mga gawi, pag-uugali at mga katangian sa lipunan. Patunay ito na binubuksan ang mga pintuan sa pag-unawa at pagtanggap sa mga pamahiing sinusunod ibang mga tao.

5. Mga Sanggunian

American Heritage Dictionary (1985), 2nd ed., Boston: Houghton Mifflin.

Case, T. I., Fitness, J., Cairns, D. R., & Stevenson, R. J. (2004). Coping with uncertainty: Superstitious strategies and secondary control. *Journal of Applied Social Psychology, 34*(4), 848–871.

<https://doi.org/10.1111/j.1559-1816.2004.tb02574.x>

Clark, K. R. (2018). Learning theories: behaviorism. *Radiologic technology, 90*(2), 172-175.

Gonda, M. E., & Malacapo, e. a. (2012). *The Varsitarian: The Official Student Publication of the University of Santo Tomas*.

- Jovina, L. (2013). *Kulturang Popular sa Pilipinas*. Retrieved June 2015, from online Filipinos: <http://www.slideshare.net/lazojovina/pamahiin>
- Kramer, T., & Block, L. G. (2008). Conscious and non-conscious components of superstitious beliefs in judgment and decisionmaking. *The Journal of Consumer Research*, 34(6), 784. <https://doi.org/10.1086/523288>
- Lopez, R. M., Raboy, K. L., Mangangot, J. G. & Nale, V. (2015). Pamahiin nila noon, Buhay pa ba ngayon? Pagsusuri sa mga pamahiing nananatili mula noon hanggang ngayon. *Palawan State University, Psychology Society Publication*. <https://rb.gy/3dsivc>
- Simmons, L. C., & Schindler, R. M. (2003). Cultural Superstitions and the Price Endings Used in Chinese Advertising. *Journal of International Marketing*, 11, 101–111.
- Siojo, R. (2015). *The Philippines - Superstitions and Beliefs*. <http://aboutphilippines.ph/filer/Superstitions-and-Beliefs.pdf>
- Torgler, B. (2007). Determinants of superstition. *The Journal of Socio-Economics*, 36, 713–733, 729.
- Torres, A. A., Tulba, K. J. L., Tampon, G. A., & Ruiz, D. P. (2021). Awareness and Level of Performance of Subanen Superstitions: A Survey. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 1, 23-33.

